Australian Government

NATIONAL CERVICAL SCREENING PROGRAM
A joint Australian, state and territory government program

Ang cervical na pagpa-screen ay makakapagligtas ng iyong buhay

Ito ay isang mapagkukunan na dapat ninyong basahin nang magkasama ng iyong doktor.

NASA 70% ng cervical na kanser ay natatagpuan sa mga taong hindi regular na nagpapa-screen

Sino ang pwedeng magpa-screen

Makakakuha ka ng Cervical Screening Test bawa't 5 taon kung matutugunan mo ang mga sumusunod:



- ☐ **Nasa edad na 25 hanggang 74 taong gulang**



- ☐ **Ay isang babae o taong mayroong cervix**

Kung ikaw ay wala pang edad 25 taong gulang o nasa mahigit 75 taong gulang, makakahiling ka pa rin ng Cervical Screening Test. Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangkalusugang pangangalaga.



Kasaysayang sekswal

Ang sinuman na nagkaroon ng sekswal na pagtatalik (ng kahit anong klase, ng kahit kaninuman). Kung mayroon kang mga katanungan na dapat ba o hindi magpa-screen, kausapin ang iyong tagapagbigay ng pangkalusugang pangangalaga.

Ano ang Cervical Screening Test?

Ang Cervical Screening Test ay isang simpleng proseso sa paghahanap ng mga senyales ng human papillomavirus (HPV) – isang karaniwang impeksyon na siyang nagsasanhi ng mga cervical na kanser.

Maaari mong piliin na ang tagapagbigay mo ng pangkalusugang pangangalaga ang mangolekta ng iyong sample gamit ang isang speculum, o magagawa mong mag-isa sa klinika na gamit ang isang simpleng swab.

Ang HPV kalimitan ay hindi nagsasanhi ng pagsakit o iba pang mga senyales sa simula. Ang screening ay nagpapahintulot sa iyo at sa iyong tagapagbigay ng pangkalusugang pangangalaga na matagpuan at subaybayan ang HPV bago pa ito magsanhi ng anumang mga pagbabago sa selyula(hal. kanser).

Kung ikaw ay buntis

Ligtas ang magpa-Cervical Screening Test habang buntis - mangyaring ipaalam lang sa iyong tagapagbigay ng pangkalusugang pangangalaga.

Kung mayroon kang kapansanan

Ang mga taong may kapansanan ay nasa kaparehong peligro ng pagkakaroon ng cervical na kanser. Kapag nagsasagawa ka ng iyong appointment, sabihin sa kawani ang tungkol sa anumang mga pangangailangan mo.

Impormasyon para sa mga taong non-binary (walang kiling kung babae o lalaki) at transgender na mayroong cervix

Iginagalang at pinapahalagahan ng National Cervical Screening Program ang lahat ng mga tao sa lahat ng mga kasarian. Nais naming makatiyak na ang lahat ng taong may cervix ay makakagamit ng pagpa-screen.

Mahalagang paalala

Ang sariling-pagkolekta (self-collection) ay hindi nababagay kung mayroon kang mga sintomas o kung kailangan mo ang isang co-test. Kung may matagpuang HPV sa self-collected sample, kailangan kang bumalik sa iyong doktor para sa isang follow-up na speculum na pagsusuri.

Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangkalusugang pangangalaga ngayong araw tungkol sa pagsasa-ayos ng isang self-collection swab o paghahanda para sa darating mong appointment.

Alamin ang karagdagan:

health.gov.au/ncsp

o tumawag sa Rehistro ng Pambansang Pag-screen sa Kanser (National Cancer Screening Register) sa **1800 627 701**

Kung kailangan mo ng isang interpreter, mangyaring tumawag sa **13 14 50**


Itong mga mapagkukunan ay makukuha sa iba pang mga wika

Mas gusto mo ang sariling-pagkolekta na test?

Magagawa mong kolektahin ang sample nang sarili mo sa pribado o katulong ang iyong doktor, nurse o pangkalusugang manggagawa.

Narito ang iyong maaasahan:


1



Pribadong silid

Hahayaan ka ng iyong doktor na gawin mo ang pagkuha ng sample sa pribadong lugar. Paikutin ang takip para mabuksan ang tube at ilabas ang mahabang swab na hindi hihipuin ang malambot na dulo.


2



Pagpapasok ng swab

Malumanay na hawakan ang balat sa paligid ng iyong puki ng isang kamay. Ipasok ang malambot na dulo ng swab ng mga ilang centimetro sa loob ng iyong puki.


3



Pagkokolekta ng sample

Malumanay ng ipaikot ang swab na pasirkulo sa loob na paligid ng puki 10 hanggang 30 segundo. Hindi ito dapat masakit ngunit maaaring hindi komportable ang pakiramdam. Ibalik ito sa lalagyang tube, paikutin at isara at ibigay pabalik sa iyong tagapagbigay ng kalusugang pangangalaga.

4



Laboratoryo at pagsusuri

Ang iyong tagapagbigay ng pangkalusugang pangangalaga ay magpapadala ng iyong sample sa isang pathology laboratoryo upang masuri at ipapadala nila ang mga resulta sa tagapagbigay ng pangkalusugang pangangalaga na humiling nito.

Paano makakatulong ang iyong doktor

Maitse-tsek ng iyong doktor kung ikaw ay dapat nang magpa-screen, ipaliwanag ang mga benepisyo ng screening, paano ito gagawin at pag-usapan ang anumang mga pinag-aalala. Makakatulong sila sa iyong pagpapasiya kung ang screening ay tama ba para sa iyo batay sa kasalukuyang ebidensya at ang iyong mga personal na ginugusto.

Gastos at Rebate

Saklaw ng Medicare ang gastos ng test sa pathology bawa't 5 taon (nararapat ng 4 na taon at 9 na buwan pagkatapos ng iyong huling test). Ang bayad sa pagkonsultasyon ay maaari pa ring ilalapat ng iyong tagapagbigay ng pangkalusugang pangangalaga.

Australian Government

NATIONAL CERVICAL SCREENING PROGRAM
A joint Australian, state and territory government program

Para sa karagdagang impormasyon:

health.gov.au/ncsp

o tumawag sa Rehistro ng Pambansang Pag-screen sa Kanser (National Cancer Screening Register) sa **1800 627 701**